# Paraan ng Pag-file ng Claim para sa Deposit Insurance sa Nagsarang Occidental Mindoro Rural Bank, Inc.

Para sa mga depositor na may account balance na higit sa P100,000, o may account balance na P100,000 pababa ngunit may utang sa nagsarang bangko, o hindi kumpleto ang address sa records ng bangko, o hindi nakapangalan sa indibidwal na tao ang deposito

PDIC — PHILIPPINE DEPOSIT INSURANCE CORPORATION

*Bank deposit mo, protektado!*







## 1. Online sa occminrb-pad@pdic.gov.ph

**Ipadala ang sumusunod na attachments:**

**Malinaw na scanned o photo images ng:**

a. Claim Form (nasagutan, napirmahan at napa-notaryuhan)
b. Una at huling pahina ng Savings Passbook o harap at likod ng Certificate of Time Deposit
c. Isang (1) valid ID na may larawan at pirma*

*Maaaring magpadala ang depositor ng hanggang dalawang (2) IDs para masiguro ang mas mabilis na pag-proseso ng claim sakaling may pagkakaiba sa pirma ng depositor.



## 2. Postal Mail o Courier Service sa:

**Public Assistance Department**
Philippine Deposit Insurance Corporation
3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue
corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

**Ilakip ang mga sumusunod:**

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan, napirmahan at napa-notaryuhan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at pirma*

*Maaaring magpadala ang depositor ng hanggang dalawang (2) IDs para masiguro ang mas mabilis na pag-proseso ng claim sakaling may pagkakaiba sa pirma ng depositor.



## 3. Personal (by appointment) sa:

**Public Assistance Center (PAC)**
Philippine Deposit Insurance Corporation
3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue
corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

**Dalhin ang mga sumusunod:**

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan, napirmahan at napa-notaryuhan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Orihinal at photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at pirma
Iminumungkahi na magdala ng dalawang (2) valid IDs kung sakaling may pagkakaiba sa pirma



### Humingi ng appointment sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:

- **(02) 8841-4141** (tumawag during office hours, para sa mga depositor sa Metro Manila)
- **1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC** (tumawag during office hours, para sa mga depositor sa labas ng Metro Manila)
- occminrb-pad@pdic.gov.ph
- www.facebook.com/OfficialPDIC

## Kailan maaaring mag-file ng deposit insurance claim?

17 June 2021 hanggang 29 March 2023

## Paano makakuha ng Claim Form?

I-download ang Claim Form sa PDIC website (http://www.pdic.gov.ph/files/New_PDIC_Claim_Form.pdf).

Maaari ring i-download and Claim Form mula sa Depositor's Corner ng PDIC website, i-click lamang ang Filing Thru E-mail sa kaliwang bahagi nito.

Walang bayad ang Claim Form at ang pag-proseso ng claim.

*Ang pirma sa Claim Form ay dapat pareho sa pirma sa bank records at sa valid IDs na ipinasa ng depositor.*

### Halimbawa ng mga valid IDs:

*Driver's License, SSS/GSIS ID, Senior Citizen's ID, Passport, PRC ID, OWWA/OFW ID, Seaman's ID, Alien Certificate of Registration ID, Voter's ID.*